

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipinagdiriwang ng Brampton ang National Youth Week nang birtwal sa Mayo 1 hanggang 7

BRAMPTON, ON (Abril 27, 2021) – Ipagdiriwang ng Lungsod ng Brampton ang National Youth Week sa mga birtwal na event Mula May 1 hanggang 7. Ang National Youth Week ay inilalaan sa pagpaparantal sa mga kabataan at kanilang aktibong paglahok sa ating komunidad.

Iniiimbihan ang mga kabataan na sumali sa amin at sa aming mga partner sa halos 40 libreng birtwal na mga event sa buong linggo, kabilang ang Kick Off Event sa Mayo 1 mula 1 hanggang 5 pm. Makinig at makilahok sa mga pang-inspirasyong mga tagapagsalita tungkol sa pamumuno, kalusugan ng isip, pagnenegosyo, mga aktibidad na tumutugon sa mga usaping pampubliko, at mas marami pa.

Magpatala sa mga birtwal na sesyon, kabilang ang mga workout classes, isang self-care workshop at mga talakayan sa kalusugan ng isip at adbokasiya ng kabataan. Sumali sa event na Pagkuha ng Edukasyon Matapos ang Sekondarya ng Sheridan College; lumahok sa Hiring event ng Punjabi Community Health Services, at matuto sa kung paano gumawa ng Pakora kasama si Chef Rick Matharu, isang nakaraang winner ng Recipe to Riches ng Food Network Canada.

Kabilang sa mga tampok na event ang Kick Off Event sa Mayo 1, We Play Too – Mga Batang Babae at Kababaihan sa Kumperensya ng Pamumuno sa Isport sa Mayo 3, at isang Birtwal na Sayaw sa Mayo 7. Ang mga dumadalo sa mga tampok na event ay tatanggap ng isang coupon code para sa libreng medium one-topping Domino's pizza, at isang pagkakataon na manalo ng malalaking papremyo tulad ng EB Games gift cards, isang Nintendo Switch console prize pack, at isang Domino's Pizza Prize Pack. Pwedeng ma-redeem ang mga papremyong domino sa mga lokasyon ng Brampton lamang.

Kailangan ang pagpapa-rehistro para sa bawat event! [I-click dito para sa kumpletong iskedyul at para magparehistro nitong mga libreng sesyon.](#)

Huwag kaligtaan! Sumayaw, gumalaw at ipagdiwang ang ating National Youth Week playlist sa Spotify. [I-click dito para makinig.](#)

Birtwal na Tour sa Fire Station ng Brampton Fire

Naiisip ba ninyo kung ano kaya kung nasa loob ng isang fire station? Sumali sa Brampton Fire and Emergency Services para sa isang birtwal na tour sa fire station sa Huwebes, Mayo 6, 2021 mula 6:30 hanggang 7:15 pm. Ang mga bumbero ng Brampton ay magbibigay sa inyo ng grand tour, mula sa mga tool na ginagamit nila, hanggang sa gear na nagpapanatili sa kanilang ligtas habang tumutugon sa mga emergency! Ipaabot ang inyong mga tanong para sa Q&A. Magrehistro [rito](#).

Centre Stage Conservatory sa The Rose

Sa buong National Youth Week, ang The Rose Brampton ay magpapaningning ng isang social media spotlight sa mga kalahok sa 2020-2021 Centre Stage Conservatory, isang programa sa pagsasanay at propesyonal na pagpapaunlad para sa mga kabataang artist ng Brampton. Ang mga kalahok ay naghahanda ng kanilang panghuling performance sa spring. [I-click dito](#) para sa karagdagang impormasyon.

Instagram Live Chat para sa Kabataan

Bilang pagdiriwang sa National Youth Week, sumali kina Mayor Patrick Brown, Mga Konsehal ng Lungsod na sina Charmaine Williams, at Harkirat Singh para makarinig tungkol sa mga darating na mga birtwal na aktibidad, pagtalakay sa pinakahuling mga paghihigpit sa COVID-19, at mas marami pa sa Abril 30 sa 6 pm! Ang pag-uusap ay iho-host sa account ni Mayor Brown, [@patrickbrownont](#).

Task Force sa Suporta sa Kabataan sa COVID-19

Ang Task Force sa Suporta sa Kabataan sa COVID-19 sa Lungsod ng Brampton ay pinamumunuan nina Konsehal ng Lungsod Charmaine Williams at Harkirat Singh. Ang task force ay sumusuporta sa mga pangangailangan ng mga kabataan ng Brampton, edad 14 hanggang 29, sa panahon ng pandemya ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga resource at suporta, pakikipag-ugnayan sa higit sa 40 lokal na nga organisasyon na naglilingkod sa kabataan, pinanatiling abala ang kabataan online sa bahay, at mas marami pa. [I-click dito para sa karagdagang impormasyon.](#)

Designasyon na Komunidad na Nakakabuti sa Kabataan

Noong 2020, nakatanggap ang Lungsod ng Brampton ng designasyon na Platinum Status Youth Friendly Community mula sa Play Works, isang programa na suportado ng Parks and Recreation Ontario. Ito ang ikatlong pagkakataon na ang Lungsod ay kinilala para sa outstanding na commitment nito sa mga pagkakataon sa paglago at pag-unlad para sa kabataan, at isa sa tatlong komunidad na tumanggap ng top platinum na designasyon sa 2020. [I-click dito](#) para malaman ang mas marami pa.

Mga Quote

“Nananabik tayo na parangalan ang kabataan ng Brampton sa National Youth Week mula Mayo 1 hanggang 7! Ang Brampton ay isa sa pinakabatang mga lungsod sa Canada, tahanan ng higit sa 130,000 kabataan na edad 14 hanggang 29. Hinihikayat ko ang lahat ng kabataan na magparehistro para sa mga event sa loob ng linggo, at sumali sa live chat sa aking instagram para sa kabataan kasama si Konsehal Williams at Konsehal Singh sa Abril 30.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Maligayang National Youth Week! Ang mga kabataan ng Brampton ay ang ating mga lider bukas, at dedicated tayo sa paglikha ng mga event at mga oportunidad para makatulong sa kanila na magtagumpay. Sumali sa isa, dalawa, sampu, o lahat ng halos 40 event na hatid sa inyo ng Lungsod at ng mga partner nito sa komunidad mula Mayo 1 hanggang 7!”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod at isang Lungsod ng mga Pagkakataon para ang mga kabataan ay matuto at lumaki. Ang ating kabataan ay mahalagang parte ng ating komunidad, at nilalayon natin na hikayatin ang kanilang pagsali sa aktibidad na may kinalaman sa usaping pampubliko, dagdagan ang mga pagkakataon sa liderato, at itaguyod ang kanilang kabutihan. Siguruhin na magparehistro para sa masayang mga event sa National Youth Week sa buong linggo.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services; Kasamang Pinuno, Task Force sa Suporta sa Kabataan, Lungsod ng Brampton*

“Committed ang staff ng Lungsod sa pagpaparangal sa kabataan ng Brampton sa masiglang mga birtwal na event at mga gawain para sa National Youth Week mula Mayo 1 hanggang 7. Kahit na hindi tayo makapagtipon-tipon nang personal para ipagdiwang ang taon na ito, ang aming team ay naghanda ng kapana-panabik na lineup para sa linggong ito. Hinihikayat ko ang lahat na mag-sign up at sumali sa saya!”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*



Media Release

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca